# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

## Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, NA IDINAOS NUONG PEBRERO 8,1996 SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN**

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Benjamin L. Esguerra, Jr. | - | Pang.Punong Bayan Tagapamatnugot |
| Kgg. George Ricardo R. Gacula | - | Konsehal |
| Kgg. Nathaniel C. Aguilar | - | " |
| Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr. | - | " |
| Kgg. Alfredo S. de Leon | - | " |
| Kgg. Ernesto G. Policarpio | - | " |
| Kgg. Noel Ireneo E. Reyes | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Randy S. San Juan | - | " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - | ABC President |
| Kgg. Janet D. de Leon | - | SK President |

HINDI-DUMALO: WALA.

- - - - - - - - - - - -

**KAPASYAHAN BILANG 16**

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA ATING BUTIHING CONGRESSMAN GILBERTO "BIBIT" DUAVIT NA HUMINGI NG DALAWANG (2) MOTORSIKLO NA GAGAMITIN SA PANGHUHULI NG MGA DELIVERY TRUCK" NA NAGLALAMAN NG MGA PANINDA NA IBINABABA SA IBAT-IBANG LUGAR SA BAYAN NG TAYTAY.**

SAPAGKAT, ang nasabing motorsiklo ay gagamitin sa pagganap sa tungkulin ng mga empleadong i-a-assigned ng Munisipyo sa panghuhuli ng mga Delivery Truck na naglalaman ng mga paninda sa ibat-ibang lugar sa Bayan ng Taytay;

SAPAGKATupang mapabilis ang panghuhuli sa mga "Delivery Truck" ay kinakailangang gamitin ang motorsiklo;

Matapos ang pag-aaral, sa mungkahi ni Konsehal Anastacio V. Alcantara, pinangalawahan ni konsehal Randy S. San Juan;

PINAGPASYAHAN, gaya ng pagkakapasya, ang Sangguniang Bayan ng Taytay ay humihiling kay Kgg. Gilberto M. Duavit, kinatawan, Unang Distrito, ng dalawang (2) motosiklo na gagamitin sa panghuhuli ng mga "delivery trucks" na naglalamanng mga paninda na ibinababa sa ibat-ibang lugar sa Bayan ng Taytay;

PINAGPASYAHAN PA, na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang;

PINAGTIBAY, ngayong ika-8 ng Pebrero, 1996, sa Silid Pulungan ng Bayan ng Taytay, Rizal.

ORIGINAL SIGNED

**BENJAMIN L. ESGUERRA, JR.**
Pang.Punong Bayan
Tagapamatnugot

**PINATOTOO:**

ORIGINAL SIGNED

**ABGD. EDWIN. CRUZ**
Kalihim- Sanggunian Bayan

**PINAGTIBAY:**

ORIGINAL SIGNED

**GODOFREDO C. VALERA**
Punong Bayan

files/amy /R1696